

PAGBABAGO NG BRAND NG TACROLIMUS (TACROLIMUS BRAND CHANGE)

Babaguhin ng BC Transplant ang supplier ng immediate release tacrolimus. Ang dating supplier ay Prograf (Prograf tacrolimus) at ang panibagong supplier ay Sandoz (Sandoz tacrolimus). Ang pagbabagong ito ay magsisimula sa iba't-ibang mga panahon, depende sa kinaroroonan ng inyong transplant clinic.

- **Prince George, Kelowna, Kamloops, Penticton and Trail post-transplant clinics:** magsisimula sa Nobyembre 18, 2019.
- **Vancouver General Hospital (Diamond Centre), St. Paul's Hospital, BC Children's Hospital, Surrey, Victoria, at Nanaimo post-transplant clinics:** magsisimula sa Enero 6, 2020.

Ang BC Transplant at ang inyong transplant clinic ay may ginamit na masinsinang proseso upang pamahalaan ang transisyon. Isinasaalang-alang namin ang inyong kaligtasan bilang aming pangunahing priyoridad.







KALIGTASAN AT BISA NG GAMOT (SAFETY AND EFFICACY)

Ang Sandoz tacrolimus ay aprobado ng Health Canada at ito'y madalas nang ginagamit sa ibang probinsiya. May mga regulasyon ang Health Canada para sa mga gamot at iba pang mga produkto sa kalusugan upang masigurado na sila'y ligtas, mabisa, at high quality. May iba't-ibang mga brand para sa parehong gamot na makukuha sa Canada, at sila'y mahigpit na sinusuri upang masigurado na pareho ang kanilang clinical benefits.

BAKIT BABAGUHING ANG SUPPLIER? (WHY CHANGE SUPPLIERS?)

Ang dating brand na Prograf na binago at ginawa na ngayong Sandoz ay nagbibigay sa amin ng pagkakataong magamit nang husto ang aming resources, dagdagan ang coverage para sa mga bagong treatment, at pahasayin ang access ng pasyente sa iba pang mga gamot. Ang desisyon na ito ay lubos na pinag-aralan at pagkatapos ay inaprubahan ng medical transplant experts sa BC upang masigurado ang pinakamainam na kalusugan para sa lahat ng mga pasyente.

MGA APEKTADONG GAMOT (AFFECTED DRUGS)

	LUMANG BRAND: PROGRAF	BAGONG BRAND: SANDOZ
tacrolimus 0.5 mg		
tacrolimus 1 mg		
tacrolimus 5 mg		

Ang Prograf ay ang kasalukuyang brand ng immediate release tacrolimus na covered o sakop ng BC Transplant.

Ang Sandoz tacrolimus ay ang bagong brand na magiging covered o masasakop ng BC Transplant.

Ito ang magiging proseso ng paglipat o conversion: (The process of conversion will be as follows)

- Kakausapin kayo ng inyong transplant team sa telepono o sa inyong susunod na appointment sa clinic tungkol sa pagbabago ng gamot.
- Ang inyong petsa ng paglipat o conversion sa Sandoz tacrolimus ay magdedepnde sa kung gaano pa karaming Prograf ang natitira sa inyong tahanan.
- Ibibigay sa inyo ng inyong pharmacy ang Sandoz tacrolimus sa inyong susunod na refill.
Mangyaring huwag simulang inumin ang Sandoz tacrolimus bago dumating ang petsa ng inyong paglipat o conversion sa Sandoz tacrolimus.
- Bibigyan kayo ng lab requisition para ma-check ang inyong tacrolimus levels. **Dapat ninyo gawin ang test na ito sa loob ng lima hanggang pitong araw pagkatapos ninyo simulan ang Sandoz tacrolimus.**
- Kung kinakailangan, magfa-follow up sa inyo ang inyong clinic, depende sa mga resulta ng inyong tacrolimus levels. Maaaring hilingin kayong magpagawa ng karagdagang tacrolimus levels check, o kaya'y maaaring i-adjust ang inyong dosis at imonitor kayo para sa side effects.
- Kung hindi kayo nakaiskedyul na mag-follow up sa clinic habang isinasagawa ang conversion period o panahon ng paglipat sa Sandoz tacrolimus, tatawagan kayo ng inyong clinic upang mapag-usapan ang prosesong ito.
- Dapat isauli ninyo sa inyong botika ang anumang natitirang Prograf na nasa inyong tahanan para ito'y maitapon nila nang maayos.



Iskedyul ng Tacrolimus Conversion

Ang petsa ng iyong Sandoz tacrolimus conversion:

Mangyaring magpunta sa lab para sa tacrolimus levels sa:

Kung kinakailangan, karagdagang tacrolimus levels test sa:



MGA MAAARING MAGING SIDE EFFECTS (POTENTIAL SIDE EFFECTS)

Hindi namin inaasahang magkakaroon kayo ng anumang bagong side effects pagkatapos ninyo lumipat sa Sandoz tacrolimus brand. **Tulad ng anumang pagbabago ng gamot, kung nakakaranas kayo ng anumang bago at paulit-ulit na sintomas, tulad ng sakit sa ulo, pangiginig, o pagkasira ng tiyan, mangyaring kontakin ang inyong transplant team sa lalong madaling panahon.**

Kung mayroon kayong anumang mga palatandaan ng alerdyik na reaksiyon, tulad ng pantal-pantal, namamagang labi, leeg, o lalamunan, o kung nahihirapan kayong huminga, kontakin ang inyong transplant clinic o tumawag kaagad sa emergency services (911).

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON (MORE INFORMATION)

- Bisitahin ang website para sa karagdagang impormasyon: www.transplant.bc.ca/tacrolimusswitch
- Kontakin ang inyong transplant team.